# شهر رجب باللغة الفلبينية

# ANG BUWAN NG RAJAB

Sumailalim sa pamamahala ni:
Shaykh Haitham bin Muhammad Sarhan حفظه الله

Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-Nabawiy – Tagapangasiwa ng Mahad As-Sunnah

MAHADSUNNAH.COM ALSARHAAN.COM

Ang buwan ng (**Rajab**) ay pangpitong buwan sa kalendaryo ng hijri: isa ito sa apat na sagradong buwan na binanggit ng Allah ﷻ sa Quran.

Ito ay pambungad sa mabuti at mabiyaya na dalawang buwan; ang shaban at Ramadhan. Ang buwan ng Rajab ay sagrado sa mga arabo, panahon ng (**Jahiliyah**) bago pa dumating ang Islam .

Ang buwan na ito ay tinawag na rajab mula sa (Tarjeeb) ibigsabihin ay pagdadakila, ito ay dahil ang mga arabo sa buwan na ito ay hindi nakikipaggera sa bawat isa.

Naiulat din na itong buwan na ito ay may labing-apat na pangalan tanda na ito ay sagrado; Tulad ng :

**Al-Asam**: ibig sabihin ay tahimik at ito ay dahil hindi naririnig ang ingay ng ispada sa buwan na ito.

**Al-Asab**: ibig sabihin ay buhos; dahil naniniwala sila na sa buwan na ito ay bumubuhos ang awa at habag. At marami pang iba.

At ito ay binigyan halaga pa rin ng Islam ngunit hindi nagbigay ng partikular na pagsamba na wala sa ibang buwan. Dahil walang turo mula sa Propeta Muhammad ﷺ tungkol dito.

Sinabi ni Ibn Taymiyyah رحمه الله : “Ang mga hadith na naiulat tungkol sa kahigitan ng buwan ng Rajab at kahigitan ng pag-aayuno dito ay lahat hindi totoo”.

At sinabi ni Ibnul Qayyim رحمه الله : "Lahat ng hadith na nagbabanggit ng ayuno at dasal sa mga ilang gabi sa buwan ng Rajab ay hindi totoo."

Kayat dapat iwasan ang maling pagbabago sa relihiyon na kumakalat sa mga tao, tulad ng particular na dasal, ayuno at kawanggawa.
Ganun rin ang pagsadya sa pang dalawamputpitong araw na inaakala nila na ito ay araw ng pag-angat ng Propeta Muhammad ﷺ sa langit.

Pwede mong gawin ang mga nakasanayan mo sa mga naunang buwan mula sa mga pagsamba, ayuno o umrah na walang paniniwala na ito ay mas higit dahil sa buwan ng Rajab, at ituring lamang ito na paghahanda sa buwan ng Ramadhan.

Ang buwan ng Rajab ay parang hangin , ang Sha'ban ay ulap at ang Ramadhan ay parang ulan; kayat kung sino ang hindi nagtanim sa Rajab at nagdilig sa Sha'ban meron ba tayong aanihin sa pagdating ng buwan ng Ramadhan?

والله تعالى أعلم...